BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

# INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** Setyembre 24, 2018
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Kristine Roselius, 515.749.4900

## Tumestigo ang Bay Area Air District sa pagdinig ng EPA sa pagbabalik ng mga pamantayan sa emisyon ng sasakyan

**SAN FRANCISCO –** Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District), kasama ng iba pang nangungunang mga gumagawa ng patakaran sa California, ay tumestigo ngayong araw bilang mahigpit na pagtutol sa iminungkahing tuntunin ng Ahensiya ng Proteksiyon ng Kapaligiran ng U.S. na ibalik ang dati nang mga pamantayan sa emisyon.

Ipapawalang-bisa ng mungkahi ang mga kasalukuyang pamantayan sa emisyon ng greenhouse gas para sa modelo ng mga sasakyan sa taong 2021-2026 at maglalagay ng mahinang mga pamantayan sa emisyon at pagtitipid ng gasolina. Ang mga kinatawan mula sa apat na ahensiya ng estado sa patakaran ng klima at pampublikong kalusugan, kabilang ang Bay Area Air District, ay nagsalita sa pagdinig.

Pahayag ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Bay Area Air Quality Management District:

*"Ang pag-alis ng waiver ay ilalagay ang Air District, California, iba pang estado at ang industriya ng sasakyan sa kawalan ng katiyakan. Dapat isaalang-alang ng Ahensiya sa Proteksiyon ng Kapaligiran (Environmental Protection Agency, EPA) ang mahahalagang kahihinatnan ng pag-alis at dapat talagang magpasiya laban sa aksyong ito. Malinaw na ang pagbabagong ito ay dadagdagan ang paggamit ng mga gatong mula sa mga labi ng hayop at halaman, na magreresulta sa paglalabas ng karagdagang pamantayan at mga pamparumi sa klima sa ating mga komunidad at atmospera. Mahigpit na tinututulan ng Air District ang iminumungkahing tuntunin. Hahadlangan nito ang aming ahensiya at ang aming misyon. Ang pagbabago ng klima ay isang umiiral nang banta sa ating paraan ng pamumuhay. Bagaman alam namin na ito ay isang pandaigdigang alalahanin, mahalaga ang bawat aksyon. Ang kawalan ng aksyon ay inilalagay sa panganib ang pampublikong kalusugan. Sinusuportahan namin ang Estado ng California at gagawin ang lahat ng aming makakaya para tutulan ang pagbabalik at pag-alis."*

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #